

Gabay sa Magulang: Pagbalik sa Paaralan Taglagas 2021

Upang mapanatiling ligtas ang mga mag-aaral at tauhan hangga't maaari, may mga hakbang sa kaligtasan na binuo sa tulong ng Punong Medikal na Opisyal ng Kalusugan ng Ontario. Pinapayagang magbukas ang mga paaralan para sa pag-aaral nang personal na may mga hakbang na itinatag para sa kalusugan at kaligtasan para sa taon ng pag-aaral.

- **Mga mababang paaralan** – ang mga bata ay ilalagay sa mga grupo, ang ibig sabihin nito ay sila ay magiging bahagi ng kaparehong grupo ng mga bata at may isang guro. Ang mga programa na tulad ng edukasyong pisikal o Pranses ay ibibigay sa mga mag-aaral habang sila ay bahagi ng mga grupo.
- **Mga mataas na paaralan** – sisiguraduhin ng mga lupon ng paaralan na ang mga schedule ng mag-aaral ay limitado sa dalawang klase na papasukan nila nang personal. May mga ibang bagay na magagawa ang mga paaralan na kung saan ang pakikipag-ugnayan ay maaaring malimitahan sa pamamagitan ng pagsasama-sama ng mga grade o kung ang pangkalahatang laki ng paaralan ay maliit, kung saan maaaring mapamahalaan ang pagbibigay ng paunawa sa mga indibidwal na nakipag-ugnayan sa isang tao na nahawa (contact tracing).

Paunawa: mananatiling isang opsyon ang pag-aaral sa malayong lugar (remote learning) para sa mga mag-aaral at pamilya.

Narito ang ilan sa mga hakbang na isasakatuparan upang mapanatiling ligtas sa paaralan ang mga bata

- **Pagpapabuti ng pagpasok ng sariwang hangin sa buong probinsya:**
 - ◆ Ipagpapatuloy ng mga lupon ng paaralan ang pagpapabuti ng kalidad ng hangin sa mga paaralan sa pamamagitan ng mga pagpapabuti sa pagpasok ng sariwang hangin at/o filtration. Kabilang dito ang mga hakbang na tulad ng mas matagal na pagpapatakbo ng mga sistema, paggamit ng pinakamataas na grado ng mga filter at ang pagpapatakbo ng mga HEPA filter unit na gumagana nang kanilang sarili.
 - ◆ Maglalagay ang mga lupon ng paaralan ng HEPA filter unit na gumagana ng kanyang sarili sa mga

paaralan ng junior at senior na kindergarten bilang karagdagang hakbang sa kalusugan at kaligtasan.

- **Pinahusay na paglilinis** ng mga paaralan at mga lugar na parating nahahawakan.
- **Pagsusuot ng mask:**
 - ◆ Ang mga mag-aaral mula Grade 1 hanggang 12 ay kinakailangang gumamit ng maayos na nakasuot na mask sa loob ng paaralan at kapag nakasakay sa sasakyan ng paaralan.
 - ◆ Ang mga mag-aaral sa Kindergarten ay hinihimok na magsuot ng mask o pantakip sa mukha.
 - ◆ Ang mga tauhan ng paaralan at mga tsuper ng bus ng paaralan ay kinakailangang magsuot ng pang-medikal na mga mask.
- Ang mga mag-aaral at tauhan ay kinakailangang **magsuri para sa mga sintomas ng COVID-19 araw-araw.**
- **Pinapayagan ang extra-curricular na mga aktibidad** na may kaunting mga pagbabago.
- **Maaaring magbahagi ng mga materyales ang mga mag-aaral** sa panahon ng recess, sa mga lugar na sama-samang ginagamit at sa loob nang may naaangkop na pisikal na paghihiwalay mula sa isa't isa.
- **Papayagan ang sama-samang paggamit ng mga lugar**, halimbawa ng mga homeroom, silid-aklatan, tech lab at cafeteria, hangga't sinusunod nila ang mga hakbang sa pagpupulong sa loob.
- Regular na **paghuhugas ng kamay** o paggamit ng hand sanitizer na may alkohol.

Magpapatuloy kaming makikipagtulungan sa Punong Medikal na Opisyal ng Kalusugan at sa mga lokal na pampublikong yunit ng kalusugan na tasahan ang pinakamahalagang mga hakbang upang ipaalam at mabago ang patnubay. Maaaring kakailanganin ng karagdagang mga hakbang sa kalusugan at kaligtasan para sa ilan sa mga lokal na pampublikong yunit ng kalusugan ayon sa lokal na datos ng pampublikong kalusugan. Pakitandaan na ang plano ay maaaring mabago base sa pinakamahalagang mga tagapagpahiwatig ng kalusugan ng publiko at pangangalaga ng kalusugan, tulad ng dami ng mga nagpabakuna.